タガログ語

Sa lahat ng mga residente

Shizuoka Prefecture
Shizuoka Housing Supply Corporation

# PAGSUSUMITE NG INCOME TAX RETURN

Ang renta sa pabahay ng prefecture ay pinapagpasiyahan bawat taon ayon sa kita ng bawat residenteng sambahayan. Mangyaring iulat din ang kita ng lahat ng kasama ninyong naninirahan para sa taong ito.

**ISUMITE ANG INYONG INCOME TAX RETURN AT MGA KAILANGANG DOKUMENTO BAGO MAG-HULYO 15 (SABADO).**

**【Kapag hindi kayo nakapag-submit, ang renta ay magiging kasing taas ng tulad sa isang pribadong paupahang pabahay】**

1 Deadline para sa pagsusumite: Hanggang Hulyo 15 (Sabado), 2023.

2 Lugar ng pagsusumite: Housing Service Division, Shizuoka Prefecture Housing Supply Corporation

* Gamitin ang nakalakip na reply envelop at ipadala sa koreo.

3 Mga dokumentong isusumite

Ang mga kailangang isumite ng lahat

①Ulat ng Kita o Income Report ng Residente ng Prefectural Housing (Mangyaring tunghayan ang nakalakip na halimbawa at pamamaraan ng pagsulat )

②Municipal tax Prefectural tax (income certificate, etc. * Hindi pwede ang Withholding slip).

- Mangyaring isumite ang lahat ng miyembro ng sambahayan na ipinanganak bago ang Abril 1, 2007.
- Katibayan sa taong 2023. (Ang mga dokumentong nagpapatunay sa inyong kita, sahod at deductions para sa taong 2022) na maaaring kunin sa munisipyo. (Lungsod at bayan kung saan ka nakatira noong Enero 1, 2023). Mangyaring kunin ito sa Municipal Tax Section (May bayad).
- Maaari ding makakuha ang may mga pension income lamang o walang trabaho (walang kinikita)

• Para sa mga miyembro ng sambahayan na may estudyante sa high school at sa kolehiyo na walang kita (walang part-time na trabaho, atbp.) ay maaaring magsumite ng kopya ng kanilang student ID card / student handbook (na nakasaad ang pangalan, petsa ng kapanganakan, petsa ng pagkaka-isyu). Maaari rin ang kopya ng katibayan ng enrollment.

• Kung tumatanggap ng tulong mula sa pamahalaan ay maaari ring isumite ang katibayan para sa tulong mula sa pamahalaan o Seikatsu Hogo.

Ang mga dokumentong nasa ibaba ay dapat isumite ng naaangkop na tao

③ Kung may miyembro ng sambahayan na may katibayan ng handicapped o disability o rehabilitation handbook.

Kopya ng Disability Certificate o Rehabilitation Handbook. **※Kung hindi ito maisusumite, hindi kayo magagawaran ng deduction.**

④ Dokumento na maaaring ikumpara ang mga nakasaad sa income tax return tulad ng ipinanganak, lumipat o namatay na miyembro ng sambahayan.

**Residence certificate （Nakasaad ang relasyon・puno ng pamilya・rehistradong tirahan）**

• Mangyaring kumuha sa munisipyo ng residence certificate (o exemption) na nakasaad ang lahat ng sambahayan kabilang na ang mga ipinanganak, lumipat at namatay.

• Mangyaring punan ang mga kinakailangang sagutan sa income tax return. (Tunghayan sa halimbawa o sample na kalakip na papel).

⑤ Kung ang kontraktor ay lumipat o namatay ayon sa printed contents ng income tax return.

**Prefectural Housing Succession Application Form**

• Maaaring ilipat para lamang sa mga asawa, may kapansanan, matatanda, atbp. na maituturing na kailangang stable ang kanilang tirahan.

• Bilang karagdagan, mayroong mga dokumento na kinakailangan para sa aplikasyon. Mangyaring makipag-ugnayan sa Kosha o tanggapan para sa mga detalye.

⑥ Kapag may lumipat na miyembro ng sambahayan kumpara sa printed content ng income tax return.

**Aplikasyon sa Pag-apruba sa Magkasamang Titira sa Pabahay ng Prefectural※**

• May pagkakataong hindi kayo maaaprubahan na magkasamang manirahan depende sa inyong kinikita at iba pang mga kondisyon.

• May iba pang mga dokumento na kinakailangan para sa aplikasyon. Mangyaring makipag-ugnayan sa tanggapan o Kosha para sa iba pang detalye.

⑦ Kung may pagbabago sa miyembro ng sambahayan at gusto mong i-review ang upa.

Opinyon para sa Katibayan ng Kita※

• Nadadagdagan ng miyembro ang sambahayan kung may ipinanganganak o kapag mataas ang kita ng ibang miyembro ay kadalasang lumilipat ito. Kung may ganitong situwasyon ay mangyaring isumite ang dokumentong katibayan ng kita upang mapababa ang inyong upa.

**Sa kaso ng ⑥⑦, * ang mga dokumento ay may kasamang "Sumai no Shiori" na ipinapamahagi sa mga maninirahan.**
**Mayroon din nito sa Shizuoka Housing Supply Corporation at sa bawat Civil Engineering Office.**

**4 Pagpapasiya ng upa**

**① Batay sa ulat ng kita na ito, ang renta para sa taong 2024 (Abril 2024 hanggang Marso 2025) ay pagpapasiyahan.**

**② Ang halaga ng upa at katibayan ng kita para sa taon 2024 ay ipapaalam sa katapusan ng Pebrero 2024.**

**Kung mayroon kang opinyon sa nilalaman ng katibayan ng kita, mangyaring magsumite sa bawat tanggapan ng civil engineering.ng Written Opinion for Income Certification**

**③ Magsasagawa sa Shizuoka Prefecture ng income survey para sa lahat ng residente upang kumpirmahin ang mga nilalaman ng deklarasyon ng kinikita.**

**④ Kung hindi ka magsusumite ng income tax return, ang upa ay magiging kasing taas tulad ng isang pribadong paupahang pabahay. (Mangyaring tiyaking isumite ang lahat ng kinakailangang dokumento para sa pagpa-file.**

**Shizuoka Housing Supply Corporation Housing Service Division (Telepono 054-255-4148)**

**Telepono para sa pagtatanong lamang (Hulyo 1~ Hulyo 31, 2022) 054-255-4825**

【Para sa mga dayuhang residente】

Ang「Pagsusumite ng Income Tax Return」at「Pagsusulat sa Form ng Deklarasyon ng Kita」ay maaari ring matunghayan at mabasa sa iba't-ibang wika tulad ng Portuguese, Ingles, Espanol, Chinese, Tagalog, at Vietnamese sa pamamagitan ng QR Code na nakatala sa ibaba.

| | | |
|---|---|---|
| Portuguese | Informações em português, acesse este QR | |
| Ingles | To see an English version, scan the QR code. | |
| Espanol | Información en espaňol, escanea este QR | |
| Chinese | 中文介绍请看这边。 | |
| Tagalog | Paki-scan para sa impormasyon. | |
| Vietnamese | Hãy xem Bản hướng dẫn bằng tiếng việt ở đây | |

＜Proteksyon ng personal na impormasyon＞

Ipinatupad ng Shizuoka Prefecture ang mga sumusunod na hakbang batay sa "Ordinansa sa Proteksyon ng Personal na Impormasyon ng Shizuoka" upang pangasiwaan ang personal na impormasyon nang ligtas at naaangkop.

① Mga paghihigpit sa acquisition…Pananatilihin ang mga kinakailangang limitasyon upang makamit ang mga layunin.

② Mga paghihigpit sa paggamit at probisyon…Hindi gagamit o magbibigay ng anumang bagay maliban sa layunin ng nakuhang gawain sa opisina.

③Angkop na pamamahala …Maiwasang makalabas ang mga personal na impormasyon.

Bilang karagdagan, upang maayos at agarang mapangasiwaan ang pamamahala ng pabahay sa Shizuoka Prefecture, ipinakilala ang isang computer system at ito ay nag-outsource ng bahagi ng trabaho sa Shizuoka Prefecture Housing Supply Corporation.

# ◎Pagsusulat sa Form ng Deklarasyon ng Kita

【１】Isulat ang petsa ng pag-submit, pangalan ng housing complex, pangalan at telepono mo. (Kung personal na nilagdaan, hindi na kailangan ang seal.)

【２】 Ikumpara sa printed content,
Kung may lilipat o namatay sa kasambahay ay burahin ang pangalan sa pagla-line sa gitna ng pangalan nito. Kung may ipinanganak, idagdag ang pangalan, kasarian, relasyon, at petsa ng kapanganakan.
Pakilagay din ang petsa kung kailan lumipat.

## 県営住宅入居者収入申告書

令和XX年 7月 5日 提出

| | |
|---|---|
| | 相之原 住宅 A 棟 103 号室 |
| 氏名 | 静岡　太郎 |
| 電話番号 自宅 | ( 0557 ) 22 － 3333 |
| 電話番号 携帯 | ( 090 ) 1111 － 2222 |

静岡県知事　様

私及び同居者の昨年１年間の収入について、静岡県県営住宅条例第１４条第１項の規定により、次のとおり申告します。
また、同居者の異動について次のとおり届け出ます。

| | ① フリガナ / 氏名 | ② 性別 / 契約者との続柄 | ③ 生年月日 | ④ 所得控除後又は必要経費控除後の金額 | ⑤ 給与所得及び公的年金等に係る雑所得以外の所得の合計金額 | ⑥ 勤務先名称・電話番号 | ⑦ 同居扶養 | ⑧ 非同居扶養 | ⑨ 扶養 老配 | ⑩ 扶養 老人 | ⑪ 扶養 特定 | ⑫ 扶養 障害 | ⑬ 扶養 特障 | ⑭ 障害 一般 | ⑮ 障害 特別 | ⑯ 寡婦 | ⑰ ひとり親 | ⑱ 裁量世帯 | ⑲ 異動区分 | ⑳ 異動の発生した日 |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 入居者 | ｼｽﾞｵｶ ﾀﾛｳ / 静岡　太郎 | 男 / 本人 | 昭和60年2月1日 | 1,780,000円 | 0円 | 静岡工業(株) 電話0557－21－1234 | 3人 | 1人 | 人 | 人 | 人 | 1人 | 人 | | | | | | 1. 出生 2. 転出 3. 死亡 | 年　月　日 |
| 同居者 | ｼｽﾞｵｶ ﾊﾅｺ / 静岡　花子 | 女 / 配偶者 | 昭和60年6月7日 | 310,000円 | 0円 | スーパーあたみ 電話0557－22－2222 | 人 | 人 | 人 | 人 | 人 | 人 | 人 | ○ | | | | ○ | 1. 出生 2. 転出 3. 死亡 | 年　月　日 |
| 同居者 | ｼｽﾞｵｶ ｲﾁﾛｳ / ~~静岡　一郎~~ | 男 / 子供 | 平成29年2月3日 | 円 | 円 | 電話　－　－ | 人 | 人 | 人 | 人 | 人 | 人 | 人 | | | | | | 1. 出生 (2. 転出) 3. 死亡 | XX年5月31日 |
| 同居者 | ｼｽﾞｵｶ ﾌｼﾞｵ / 静岡　富士夫 | 男 / 父母 | 昭和30年2月2日 | 0円 | 0円 | 無職 電話　－　－ | 人 | 人 | 人 | 人 | 人 | 人 | 人 | | | | | | 1. 出生 2. 転出 3. 死亡 | 年　月　日 |
| 同居者 | ｼｽﾞｵｶ ｼﾞﾛｳ / 静岡　二郎 | 男 / 子供 | 令和X年6月3日 | 円 | 円 | 電話　－　－ | 人 | 人 | 人 | 人 | 人 | 人 | 人 | | | | | | (1. 出生) 2. 転出 3. 死亡 | XX年6月3日 |
| | | | 年　月　日 | 円 | 円 | 電話　－　－ | 人 | 人 | 人 | 人 | 人 | 人 | 人 | | | | | | 1. 出生 2. 転出 3. 死亡 | 年　月　日 |

Halimbawa 1

Halimbawa 2

【３】Sa column ④Kabuuang halaga ng kita (Ang mga ekspresyon tulad ng "sōshotokukingaku", "gōkei shotoku kingaku", "shotoku-gaku gōkei", atbp. ay nag-iiba depende sa gamit ng lungsod) .
Sa column⑤ Ilagay ang "kabuuang halaga ng kita- (kita ng sahod + iba pang pinagkikitaan (pampublikong pensiyon))". Kung ito ay 0 yen, mangyaring isulat ito bilang 0

【４】Sa column ⑧ Kung ikaw ay nakadepende sa isang kamag-anak na hindi nakatira sa housing complex ay mangyaring ilagay ang bilang ng mga kamag-anak sa lugar ng dumidepende.
Sa mga column ng ⑭⑮⑯⑰, mangyaring bilugan ang

※ May pagkakataong maaari kaming sumangguni sa hepe ng pulisya upang kumpirmahin na ang taong nakasaad sa income tax return ay hindi miyembro ng sindikado ng krimen..

# Order ng Pagpasok sa Form ng Deklarasyon ng Kit (Ang mga nakabilog na numero sa paliwanag ay tumutugma sa mga bilog na numero sa tax return.)

①〜③ Pakikumpirma ng「Pangalan」,「Kasarian」,「Relasyon sa kontratista」,「Kaarawan」.

**Kapag ang residente ay lumipat o namatay** Gaya ng nasa **"Halimbawa 1" ng tax return** sa likod na bahagi, burahin ang pangalan gamit ang isang linya at bilugan ang kaukulang item sa column ⑲.

※ I-submit ang **residence certificate ng lahat ng miyembro ng sambahayan** na nakatira sa housing complex **pati na rin ang mga lumipat o namatay**.

**Kung may ipinanganak ngunit hindi pa nakarehistro.** Ilagay ang iyong pangalan, kasarian, relasyon, at kapanganakan gaya ng **"Halimbawa 2" ng tax return** sa likod at bilugan ang "1. Kapanganakan" sa column ⑲.

※ I-submit ang **residence certificate ng lahat ng miyembro ng sambahayan** na nakatira sa housing complex kasama ang mga kapanganakan.

④ Isulat ang halaga ng" income deduction o deduction sa mga kailangang gastos"

Isulat ang **"total income amount"** na nakasaad sa municipal tax / prefectural tax (income) certificate para sa taong Reiwa 4 o 2022.

⑤ Pakisulat ang 「kabuuang halaga ng kita maliban sa ibang kita na may kaugnayan sa kita mula sa mga pampublikong pensiyon」.

Kung ang kinikita mo lamang ay may kinalaman sa pampublikong pensyon ay pakilagyan ng 0.

⑥ Isulat ang「Pangalan ng pinagtatrabahuhan・telepono」.

Kapag walang trabaho, isulat ang「MUSHOKU」o walang trabah

⑦ Sa「Dōkyo fuyō」o kasamang nakatira, maliban sa sarili mo ay ilagay ang bilang ng lahat na kasama mo sa yunit.

⑧ Sa「Hi dōkyo fuyō」 o Non-living dependents ay isulat ang bilang ng mga umaasa sa ilalim ng Income Tax Act at hindi kasamang nakatira sa housing complex.

⑨〜⑬ Sa「Kakushu shotoku kōjo ・fuyō」o Various income deductions / dependents, isulat ang applicable dependents sa lugar ng dependen

⑭〜⑰ Sa「Kakushu shotoku kōjo・ shōgai・ kafu・ hitori oya」o various income de disabilities, widows, single parents ay bilugan ang applicable na tao.

⑱ Sa「Sairyō setai」o discretionary households, bilugan ang may kinalamang tao.

- Taong nasa ilalim ng kategoryang ordinaryong may kapansanan sa ⑫.
- Taong nasa ilalim ng kategoryang espesyal na may kapansanan sa ⑬.
- Taong nagka- leprosy sanatorium.
- Batang papasok na Junior High sa Abril 2024.

⑲ Bilugan kung naaangkop sa 「Idō kubun」o transfer category.

Bilugan ang taong may kinalaman sa kapanganakan/ lumipat /namatay.

※ Siguraduhing ilakip ang **resident card/certificate** para sa kumpirmasyon.

⑳ Kung binilugan ang ⑲, mangyaring ilagay ang petsa kung kailan lumipat.

Isulat ang petsa ng dahilan (petsa ng kapanganakan ng bata, petsa ng paglipat ng kasama sa yunit, atbp).

| | |
|---|---|
| ⑨ **May edad** | Mag-asawa na parehong namumuhay sa ilalim ng Income Tax Act na edad 70 pataas noong Oktubre 1, 2023. |
| ⑩ **Matanda** | Dependent relatives na edad 70 pataas noong Oktubre 1, 2023. |
| ⑪ **Partikular** | Dependent relatives na edad 16 ~ 23 noong Oktubre 1, 2023. |
| ⑫ **Kapansanan** | Ang mga naisyuhan ng physical disability certificate, mental illness health and welfare handbook, rehabilitation handbook at war injury and sickness handbook. |
| ⑬ **Espesyal na kapansanan** | Ang physical disability certificate ay nasa level1 o 2. Ang mental illness health and welfare notebook ay nasa level 1. Ang rehabilitation notebook ay may hatol na A. May trinomial illness ang war injury and sickness handbook. Survivors ng atomic bomb na certified ng Minister of Health, Labor and Welfare. |
| ⑭ **Pangkalahatan** | Mga taong nasa ilalim ng kategorya ng mga ordinaryong may kapansanan sa ⑫. |
| ⑮ **Espesyal** | Mga taong nasa ilalim ng kategorya ng espesyal na kapansanan ng ⑬. |
| ⑯ **Biyuda** | Nabiyuda sa asawa, kasal o hindi man (kabilang ang di pa alam kung buhay o patay)na natutugunan ang sumusunod:<br>1 Ang halaga ng taunang kita ay 5 milyong yen o mas mababa.<br>2. Walang nakarelasyon tulad ng isang may asawa o nakipaghiwalay sa kanyang asawa at hindi pa kasal mula noon at natutugunan ang mga pangangailangan bilang karagdagan sa mga kinakailangan.<br>1 May dependent relatives na kumikita (taunang kita ay 480,000 yen o mababa pa) |
| ⑰ **Single parent** | Hindi kasal o hindi alam kung buhay o patay ang asawa pero nakakatugon sa mga sumusunod na pangangailangan:<br>1 May anak na naghahanapbuhay (Taunang kita ay 480,000 yen o mas mababa).<br>2 Ang halaga ng taunang kita ay 5 milyong yen o mas mababa.<br>3 Walang karelasyon na halos kapareho ng kalagayan ng may asawa. |